American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-02, pp-43-53
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Mga Salik Na Nakaaapekto Sa Paglinang Ng Kasanayang Pasalita Ng Mga Mag-aaral Sa Sekundarya

Alona D. Rodriguez, Kyla G. Munap, Felixberto C. Labastilla, Jane Nurzaima O. Villacin
*College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*
*College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*

**ABSTRACT :** Ang pag-aaral na ito ay gumawa ng pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa sekundarya. Ginamit ang deskriptibong pananaliksik na may 30 kalahok mula sa Integrated Laboratory School (ILS) ng WMSU. Tatlong pangunahing salik ang tiningnan: estruktura ng wika, salik pantahanan, at salik pangklasrum. Ang mga datos ay nakalap gamit ang talatanungan na may Likert scale. Nalaman na ang estruktura ng wika, partikular ang gramatika, ay isang pangunahing hamon. Ang suporta ng magulang ay may positibong impluwensya, ngunit hindi tiyak. Ang mga gawain sa klase na gumagamit ng wikang Filipino ay may malaking epekto sa pagpapahusay ng kasanayang pasalita. Gayunpaman, walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng tatlong salik, na nagmumungkahi na ang bawat isa ay may independiyenteng epekto sa paglinang ng kasanayang pasalita.

***KEYWORDS :*** *Kasanayang pasalita, paglinang, salik.*

## I. INTRODUCTION

Isa sa mga makrong kasanayang dapat matutunan ng bawat mag-aaral ay ang kakayahan sa pagsasalita nang sa gayon ay maipamalas nila ang kanilang galing sa sining ng pakikipagtalastasan at ang pangunahing gampanin ng kasanayang ito ay upang maipahayag ng bawat indibidwal ang kanilang mga saloobin. Ang kakayahang maipahayag ang saloobin at damdamin, maisalaysay ang mga karanasan, at maisalin ang mga nalalaman gamit ang ibang wika ay matatamo sa pamamagitan ng pagsasalita.

Ang kasanayang ito ay mahalaga sapagkat dahil dito ay nagagawa ng mga mag-aaral na maipahayag kung ano ang kanilang mga nais na sabihin patungkol sa isang partikular na paksa na nakaaapekto sa kanila, nagagawa nilang maipahayag ang kanilang mga rason sa mga pagkakataon na kinakailangan. Ayon kay Saavedra (2020), ang kasanayang pasalita na tinatawag ding kasanyang ekspresib ay mahalagang malinang sa mga mag-aaral sapagkat ito ay isang batayan upang masabing ganap ang natamong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kapag malalim ang kanilang natutuhan, ito ay nasasalamin sa paraan ng kanilang pagsasalita. Isa ang kakayahang ito sa mga paraan upang maipahayag ng isang indibidwal ang kanyang pagiging malikhain sa sining ng pagsasalita dahil mayroong ibang indibidwal ang hindi gaanong gamay ang ibang makrong kasanayan sa pagpapahayag ng kanilang pagkamalikhain kung kaya't ang kasanayang pasalita ay isang mabisang at malawak na paraan ng pagpapahayag ng pagkamalikhain ng isang indibidwal.

Ang paglinang ay isang proseso o gawain ng pagsulong, pagpapalawak, o pagpapabuti ng isang bagay o aspeto nito. Ito ay maaaring tumukoy sa pagpapaunlad ng kasanayan, kaalaman, o kakayahan ng isang tao o grupo. Ang paglinang ay naglalaman ng mga hakbang o gawain na naglalayong mapabuti o mapalalim ang isang bagay.

Mahalaga ang paglinang ng kasanayang pasalita kung nanaisin ng isang indibidwal na maging isang epektib na mananalita. Ang isang epektib na mananalita ay madaling makakuha ng atensyon ng kanyang mga tagapakinig. Sa pamamagitan ng paglinang ng kasanayang pasalita ng isang mag-aaral ay maaaring kahit hindi sya ipinanganak na makata o mahusay sa larangan ng pagsasalita ay magkaroon ng posibilidad na sya ay maging isang matagumpay na mananalita.

Subalit sa proseso ng paglinang ng kasanayang ito ay may mga salik na nakaaapekto sa matagumpay na paglinang sa nasabing kasanayan. Subalit, kapansin-pansin sa mga naisagawang pag-aaral, ang hindi kanais-nais na antas ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Naitala si Pag-aaral ni Saavedra (2020) na ang kasanyang pasalita ng mga mag-aaral na nasa antas ng elementarya ay mas mababa sa 75% o sa madaling sabi, hindi umabot sa passing rate ng mga pampublikong paaralan sa Pilipinas. Isa lamang ito sa pag-aaral na nagsasabing kailangan pa nga ng pokus sa paglinang sa nasabing kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang mga salik ay maaaring magkaroon ng iba't ibang kahulugan depende sa konteksto ng paggamit. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing elemento o bahagi ng isang sistema o proseso ng pag-unlad o pagpapabuti. Ito ang mga kritikal na bahagi na nagiging dahilan ng tagumpay o kabiguan sa paglinang ng isang bagay. Ang pag-unlad o paglinang ay maaaring nangyayari sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon.

Ang pagsusuri at pag-unawa sa mga salik sa paglinang ay mahalaga upang malaman kung paano maaaring mapabuti o mapahusay ang isang proseso para sa mas magandang kinalabasan.

## II. Paglalahad ng Suliranin

Layunin: Ang layunin ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang epekto ng mga sumusunod na salik sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral:
   a) Estruktura ng wika
   b) Salik pantahanan
   c) Salik pangklasrum
2. Mayroon bang makabuluhang epekto ang mga sumusunod na salik sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral:
   a) Estruktura ng wika
   b) Salik pantahanan
   c) Salik pangklasrum

## III. Batayang Teoretikal

Ang pagsasalita ay isa sa limang makrong kasanayan na kung saan ito'y isa sa kasanayang maaaring linangin. Ang pagsasalita ito ang pangalawang makrong kasanayan na natutuhan ng isang tao, sapagkat ito ay may kakayahang makipag-ugnayan at makipagtalastasan sa kapwa.

Ang pagsasalita, bilang isa sa limang makrong kasanayan, ay isang kakayahang maaaring paunlarin. Kinakailangan ang sapat na kasanayan sa mabilis na pag-iisip ng mensahe, at ang mahusay na paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalita gaya ng tinig, tindig, at kumpas, kasama na ang iba pang di-berbal na anyo (Winnie, 2013). Ang pagsasalita ay mahalaga sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan sa kapwa gamit ang iba't ibang lengguwahe. Ayon kina Mejilla, Calero, at Saglado (2014), sa kanilang pag-aaral, ang pagpapalawak ng bokabularyo ay susi sa malawakang pag-uunawaan. Ang kakulangan sa bokabularyo ay isang malaking hadlang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita, kaya't kailangang dagdagan at paghusayan ito. Mahalaga rin ang wastong pagbigkas ng mga salita dahil ang hindi maayos na pagbigkas ay nakakasagabal sa pag-unawa ng mga ideya at saloobin, ayon kay Bryson (2003) at sa pag-aaral nina Mejilla, Calero, at Saglado (2014). Ang kaalaman sa tamang pagbuo ng pangungusap o gramatika ay kailangan din para sa isang maayos na pakikipag-usap. Ang pagpapakilala sa sarili ay isa sa mga estratehiya sa paglinang ng kasanayang ito.

## IV. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang layunin ng kabanatang ito ay magbigay ng akademikong at personal na kaalaman ukol sa larangan ng kasalukuyang pag-aaral. Layunin nito ang maglaan ng pagsusuri na nagbibigay linaw sa literatura at mga pag-aaral na kasama sa pananaliksik upang mapalawak ang kaalaman ng mambabasa. Isa itong hakbang upang magkaroon ng sapat na kaalaman sa wastong psgbigkas at sa epektibong pagbigkas ng mga salita.

Kahalagahan ng Pagsasalita ayon sa pag-aaral ni Shibly, (2023)

Ang pagsasalita ay isang mahalagang kasanayan para sa pagpapapatatag ng mga ugnayan, paglutas ng mga hidwaan at pagtatagumpay sa iba't ibang larangan sa buhay. Isa ito sa mga nagbibigay-daan upang epektibo nating maipahayag ang ating mga iniisip, damdamin at ideya sa ating mga kaibigan, pamilya, katranaho at mga kakilala.

Pakikipag-ugnayan ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit mahalaga ang pagsasalita. Nagagawa nating ipahagay ang ating damdamin, magbahagi ng ating mga karanasan at maunawaan ang pananaw ng iba.

Bago tayo magsalita, inaayos natin ang mga ideya sa lohikal na paraan upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap. Ito ay isa sa mga dahilan kung bakit mahalaga ang pagsasalita. Sa pamamagitan ng pagsasalita ay napapadali para sa iba na maunawaan kung ano ang ating sinasabi. Nabanggit din sa pag-aaral ni Shibly na ang pagsasalita ay isang makapangyarihang instrumento para sa pangungumbinse at pag-iimpluwensiya sa ating mga kausap. Kapag sinusubukan nating kumbinsihen ang mga mamimili na bilhin ang ating produkto, suportahan ang isang adhikain, o sumang-ayon sa mga pananaw, ang pagsasalita ang nagiging daan upang maging posible ang lahat ng ito.

Ang pagsasalita ay mayroon ding mga sikolohikal na benepisyo tulad ng pagpapataas ng kumpyansa sa sarili, nabawasan ang pag-aalala. Sa pamamagitan ng pagsasalita ay naipapahayag natin ang ating sarili. Sa kabila ng kahalagahan ng pagsasalita, marami ang nahihirapan na malinang ang kakayahang ito. Una, maaaring ang iba ay nahihirapan sa pagpapahayag ng kanilang damdamin. Pangalawa, ang iba ay maaaring may pangamba o nagiging mahiyain kapag nagsasalita sa harap ng publiko. Subalit, ang kakayahang ito ay maaaaring malinang sa pamamagitan ng pagsasanay at pagsisikap.

Kahalagahan ng Paglinang ng Kasanayang Pasalita

Ang pagsasalita ay itinuturing na ang pinakamahalagang kasanayan sa wika kumpara sa pagbasa, pagsusulat, at pakikinig. Kapag ang isang tao ay nagsasalita ng isang wika na para bang ito'y sumasaklaw sa lahat ng iba't ibang anyo ng kaalaman, tinatawag silang "ang tagapagsalita ng wika" (Ur, 2012: 117). Sila ay nagpapahayag ng mga ideya, nagpapamahagi ng kahulugan, at iniimbestiga ang mga ideya gamit ang kanilang kaalaman sa likuran at ekspertis sa linggwistika. Sila'y gumagamit ng wika nang maingat, pinagsasama ang mga salita nang may kahulugan upang makabuo ng nakakaengganyong mga usapan.

Ayon kay Bygate (2009), ang pagsasalita ay nangangailangan hindi lamang ng pagsasanay sa bokabularyo at sintaks kundi pati na rin ang kakayahan na lumikha ng mga pangungusap at baguhin ang mga ito ayon sa sitwasyon. Kapag ang tagapagsalita ay nakuha na ang kanilang paggamit, sa aspeto ng kaalaman at galing, sila ay magkakaroon na ng kakayahan na magdesisyon ng mabilis, maisagawa ito nang walang sagabal, at baguhin ang kanilang pagsasalita sa oras ng pag-uusap. Ngunit, hindi laging madaling makuha ng mga mag-aaral na EFL at ESL ang kaalaman at gamitin ito sa pagsasalita. Dahil sa malalaking pagkakaiba ng grammar sa kanilang katutubong wika at sa EFL, karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapang magpahayag ng mga pangungusap na may tamang gramatika (Manurung, 2015).

Mga Salik na Nakaaapekto sa Paglinang ng Kasanayang Pasalita ng mga Mag-aaral

1. Estruktura ng Wika
2. Salik Pantahanan
3. Salik Pangklasrum

1.Estruktura ng Wika.

Ayon kay Maglaya (2003), sa pagtuturo ng wika gaya ng Filipino mula elementarya hanggang sa kolehiyo, pangunahing layunin nito ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang wika sa lalong maayos, masining, malikhain, makabuluhan,mabisa, at masaklaw na paraan, pasulat man o pasalita. Ibig sabihin ang pangunahing layunin ng pagtuturo ng wika ay upang magamit ito sa mas masining na paraan, pasulat man o pasalita. Ang kakayahang maunawaan ang estruktura ng wika at magamit ito ng tama ay makatutulong hindi lamang sa paglinang ng kasanayang pasulat kundi pati ng kakayahan sa pagsasalita.

Batay naman sa ginawang pag-aaral ni Paguican (2020), na may pamagat na “Pagpapalawak ng Gramatika sa Lugar ng Rogongon Iligan City” matapos ang masusing pagkalap ng mga kailangang datos makikita kung gaano kahalaga ang wika sa pagpapalawak ng gramatika, dahil sa wika tayo ay nagkakaisa at nakabubuo ng mga salita.

1.1 Kakulangan sa Bokabularyo, Kaalaman sa Gramatika at Kawalan ng Motibasyon

Nabanggit sa pag-aaral nina Dicang at Molina, ayon sa pag-aaral Sa pangunahing layunin ng pananaliksik na isinagawa nina Rodriguez, Hernandez, at Guerrero (2017) na may pamagat na "Analysis of the Factors that Influence the Lack of Speaking Skill in Students of Tenth Grade at Salvador Mendieta School during the Second Semester of 2017," ipinakita nila na ilan sa mga dahilan ng hindi pag-unlad ng kasanayang pagsasalita ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa bokabularyo. Nakakaramdam ng kakulangan sa kaalaman ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap (grammar), kawalan ng motibasyon sa pagsasalita dahil sa takot sa pagkakamali, at ang panghuli ay ang kawalan ng motibasyon dahil sa mga estratehiya ng pagtuturo sa loob ng paaralan na nagreresulta sa kawalan ng interes at dedikasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng kanilang pagsasalita, pagbuo ng mga pangungusap, at pagpapahusay ng kanilang bokabularyo.

1.2 Kakulangan sa Kaalaman sa Grammar:

Ang mga mag-aaral ay may limitadong kaalaman sa wastong pagbuo ng mga pangungusap, partikular sa aspeto ng grammar. Maaaring kulang ang kanilang pang-unawa sa tamang paggamit ng mga bahagi ng pangungusap.

1.3 Kawalan ng Motibasyon sa Pagsasalita:

Ang mga mag-aaral ay nawawalan ng interes o gana na magsalita dahil sa takot sa pagkakamali. Ang kawalan ng kumpiyansa sa sarili at ang takot na magkamali ay maaaring maging hadlang sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagsasalita.

1.4 Kawalan ng Motibasyon sa Pag-aaral:

Ang mga estratehiya ng pagtuturo sa loob ng paaralan ay maaaring maging sanhi ng kawalan ng interes at dedikasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng pagsasalita, pagbuo ng mga pangungusap, at pagpapahusay ng bokabularyo. Maaaring ito ay dulot ng di-kanais-nais na mga pamamaraan o kawalan ng kahulugan ng mga itinuturo sa kanila.

Ang mga nabanggit na salik ay maaaring magdulot ng hindi pag-unlad sa kasanayang pagsasalita ng mga mag-aaral, at ito ay mahalaga sa layunin ng pananaliksik na mailahad ang mga posibleng sanhi at solusyon para sa nasabing suliranin.

2. Salik Pantahanan

Ang mga salik pantahanan ay mga elemento na maaaring magkaroon ng impluwensya sa pag-unlad at pagkatuto ng isang tao. Ito ay kinapalolooban ng mga sumusunod na salik:

2.1 Unang Wika

Ang unang wika ay ang wikang kinagisnan o ang wikang kinamulatan ng tao mula nang siya'y matutong magsalita sa kanilang tahanan na natural na ginagamit sa pakikipagkomunikasyon.

Ang unang wika ay tinatawag ring L1 o ang tinatawag na mother tongue sa Ingles. Ang papel na ginagampanan ng L1 ay mahalaga sa buhay ng isang tao dahil ito ang wika na kanyang natutuhan ng karamihan sa mga pangunahing at panggitnang konsepto ng kanyang buhay (Rahman et al., 2019). Ang konsepto ng mother tongue ay madalas na iniuugnay sa wika ng ina, na naglalarawan ng pagiging malapit ng relasyon ng isang bata sa kanyang ina, kaya't ang ina ay may mahalagang papel na ginagampanan sa paglinang ng kasanayang pasalita ng kanyang anak.  Sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ipinahayag ang kahalagan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang unang wika. Ito ay alinsunod sa pagpapatupad ng MTB-MLE kurikulum na pinapaniwalaang, mas madaling matututo ng mga aralin ang mga mag-aaral gamit ang kanilang unang wika.

Ayon kay Fadzilah (2018), ang interapsyon ng unang wika ay maaaring maging sanhi ng pagkakamali sa mga pangunahing bahagi ng wika, pati narin ang pagsasalita lalo na para sa mga hindi tagapagsalita ng mismong wika.  Sinang-ayunan din ito ng pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022), kung saan nabanggit ng mga mag-aaral na ang pagkatuto ng kanilang unang wika ay naging mahirap sapagkat maging sa kanilang tahanan, hindi rin ito madalas na gamitin sa kanila sa pakikipag-usap. Kaya ganun na lamang ang kanilang persepsyon ng paggamit ng Chavacano bilang wikang panturo.

Ang interapsyon ng unang wika ay maaaring magdulot ng pagkabigo sa mga hindi katutubong tagapagsalita. Inilahad din sa pag-aaral nina Nora'Aizan at Fadzilah (2018) kung paano naaapektuhan ng unang wika ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa India. Sa isang pang elementaryang paaralan ng SJKT, natuklasan na ang mga mag-aaral na Indian ay nahihirapan sa pagsusuri at paglinang sa kanilang kasanayang pasalita. Sa pag-aaral naman nina Sufikawani at Ruzana (2017) at Ilangko et al., (2014), na ang mga hindi katutubong tagapagsalita ng wika ay nahihirapan. Ang mga mag-aaral na Indian ay nahihirapan sa pagbigkas ng titik na "r" kapag pinag-aaralan ang wikang Ingles. Ito ay mga impluwensiya ng unang wika sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral.

3. Salik Pangklasrum

Ang paaralan ay isang mahalagang institusyon sa pagpapalawak ng kaalaman at paglinang sa mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng oportunidad para sa edukasyon, pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na makatutulong sa kanila sa hinaharap upang maging isang produktibong mamamayan. Ito ang nagsisilbing pundasyon sa paghubog ng kanilang personalidad. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga asignaturang kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral na magagamit nila sa totoong buhay ay nagiging mas makabuluhan ang papel na ginagampanan ng paaralan. Sa paaralan nalilinang ang kasanayan ng isang indibidwal tulad ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat at pagsasalita.

3.1 Ang Guro bilang Pinakamabisang Kagamitang Panturo

Batay kay Aroco (2021), marami ang nahihirapan sa paggamit ng purong Filipino, lalo na sa mga teknikal na ideya at salitang hiram sa Ingles. Bagamat umuunlad ang wikang Filipino, ang istandardisasyon nito at ang nangingibabaw na wikang Ingles ay nananatiling problema, na makikita sa paggamit ng Taglish. Sa pag-aaral ni Harven (n.d.) sa mga Kalinga, ang pagpapalit ng mga tunog at intonasyon mula sa kanilang unang wika ay isang hamon sa pagsasalita ng Filipino, na nakakaapekto sa kanilang interes sa pag-aaral dahil sa takot na magkamali. Ang mas maagang pagtuturo ng wikang Filipino at ang motibasyon ng guro ay mahalaga sa paglutas nito. Ang pagtutok sa wikang Ingles sa paaralan ay nakakaapekto rin sa paggamit ng wikang Filipino, ayon kay Koo (2008), na nagdudulot ng negatibong epekto sa kulturang Pilipino at nagtataguyod ng pagtatangi. Ang wika ay isang mahalagang instrumento sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin, at may malaking papel ito sa ating kultura at bansa.

Ang pagkakaroon din ng guro ng mataas na kaalaman sa paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral (Saavedra, 2018). Ang paggamit ng mga makabagong app ay isa sa mga gawaing magbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makipagtalastasan sa iba pang mag-aaral. Gaya na lamang ng pakikipanayam ng mga mag-aaral, ang gawaing ito ay nakatutulong na magkaroon sila ng kumpyansa sa sarili (Saavedra,2022). Kaya naman ang gawaing tulad nito ay mainam ding maituro nang maayos sa mga mag-aaral lalo na sa mga asignaturang pananaliksik.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tumulong sa mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga hamon sa pagsasalita ng wikang Filipino, upang makagawa sila ng mga aktibidad na magbibigay solusyon sa mga problemang ito. Ayon kay Sebullen et. al (2023), ang guro ay may malaking impluwensiya sa pagkatuto at paghubog ng mga mag-aaral.

Ipinaliwanag sa artikulo ni Manghagis (2011) na nabanggit sa pag-aaral ni San Buenaventura (2021), upang maging epektibo ang paglinang sa kasanayan ng pagsasalita, kinakailangang wasto ang bigkas ng guro sa wika dahil ito ay may malaking impluwensiya sa pagkatuto at pagsasalita ng mag-aaral.

3.2 Pakikipag-ugnayan gamit ang Wika

Ang salik pangklasrum tulad ng silid-aralan, guro, at kapaligiran ng pag-aaral ay may malalim na epekto sa paglinang ng kasayang pasalita ng mga mag-aaral. Ang maayos na pangangasiwa at paggamit ng mga kagamitang ito sa silid-aralan ay makatutulong sa mga mag-aaral.

Ang interaktibong gawain sa klase, gaya ng talumpati, diskusyon, at iba pa ay maaaring mapalakas o malinang ang kasanayang pasalita ng mga mag-aaral vsa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan tulad ng pakikipag-usap at paglalahad ng kanilang opinyon o ideya hinggil sa paksa o pangyayaring pinag-uusapan o tinatalakay sa silid-aralan.

Ayon kay Saul, A. J. G et al., 2020, ang kasanayan sa pagsasalita ang pagbabahagi mg kaalaman at mensahe sa berbal na pamamaraan na mayroong tamang pagbigkas at tunog, wastong paggamit ng gramatika nang sagayon ay maunawaan ng taong nakikinig ang kaalaman, damdamin, kaisipan o mensaheng nais ipahiwatig o ilahad ng nagsasalita. Sapagkat ang kakulangan ng salita sa bokabularyo ay isa sa nagiging hadlang sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral, kinakailangang itong madagdagan at hasain ng mga mag-aaral ang kanilang wastong pagbigkas ng mga salita sapagkat ayon kay Bryson, 2003, sa paglalahad nina Meija, Calero, at Saglado, 2014, na nabanggit sa pag-aaral nina Dicang at Molina, 2023, ang hindi maayos na pagbigkas ng mga salita ay isa sa mga nakakasagabal upang ipaintindi ng isang mag-aaral ang kaisipan o mensahe na nais nitong ipahiwatig sa kapwa mag-aaral o maging sa guro. Nabibilang rin dito na kinakailangang mayroong sapat na kaalaman sa pagbuo ng pangungusap at wastong gamit ng gramatika upang maging malinaw at maayos ang pakikipag-usap at pakikipag-unayan sa ibang tao.

## V. METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito ang mga mananaliksik ay gagamit ng deskriptibong pananaliksik. Ang pangunahing instrumento na gagamitin sa pananaliksik na ito ay ang Talatanungan na sinipi mula sa pag-aaral nina Irene et al.,2023, Alangsab at Lambenicio, 2022, at Villanueva, 2019. Ang instrumentong gagamitin para sa pagkuha ng datos ay isang talatanungan at ito ay sa paraang Likert Scale. Ang talatanungang inihanda ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglalaman ng 21 tanong na binubuo ng tatlong kategorya at ito ay ipamamahagi sa mga mag-aaral na magiging bahagi ng gagawing pag-aaral.

## VI. RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kabanatang ito ay nagpapakita at sumusuri sa mga datos na nakalap gamit ang mga sarbey na tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Ang mga datos ay itinala, sinusuri, at binibigyang-kahulugan gamit ang mga estadistikal na pagsusuri. Ang mga tiyak na tanong na tinukoy sa pahayag ng suliranin ang naging batayan ng pagkakasunod-sunod ng presentasyon.

Suliranin sa Pananaliksik 1: Ano ang epekto ng mga sumusunod na salik sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral?

a) Estruktura ng wika
b) Salik Pantahanan
c) Salik Pangklasrum

A. Estruktura ng Wika

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang lebel ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa epekto ng salik na Estruktura ng wika sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita sa Wikang Filipino. Matapos makalkula ang kabuuang mean, lumabas na ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa epekto ng salik na Estruktura ng wika sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita ay 3.33, na may pang-uriang interpretasyon na Hindi Sigurado.

Ayon sa mga tagatugon, sumasang-ayon sila na ang gramatika ang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan silang malinang ang kanilang kasanayang pasalita sa paggamit ng wikang Filipino na may pinakamataas na bigat na 4.0.

Batay sa resulta, ang gramatika ang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan silang malinang ang kanilang kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino. Ang gramatika ng wikang Filipino ay totoong mahirap pag-aralan sapagkat ito ay kinapapalooban ng napakaraming mga tuntunin sa tamang paggamit ng wika habang isinasaalang-alang ang gramatika nito na makikita sa pag-aaral ni Gannaban kung saan doon ay inilahad nya ang iba't ibang teorya ng gramatika ng wikang filipino na nagpapakita kung gaano kahirap sundin o gamitin ng wasto sa pangungusap o pakikipagtalastasan ang wikang filipino habang isinasaalang-alang ang tamang paggamit ng gramatika nito.

Ito ay nangangahulugan lamang na ang gramatika ng wikang Filipino ay isang bagay na mahirap pag-aralan at maggamit ng tama o maisaalang-alang sa lahat ng pagkakataon habang tayo'y nakikipag-usap o nakikipagtalastasan. Sa iba ay maaaring hindi ganoon ka-hirap pag-aralan ang gramatika ng wikang Filipino subalit para sa nakararami, lalo na ang mga English speaking na mag-aaral tulad ng mga naging kalahok sa pag-aaral na ito, ito ay isang mahirap na parte ng pag-aaral ng wikang Filipino kung saan nais nilang malinang ang kanilang kasanayan sa pagsasalita.

Ito ay pinatunayan sa pag-aaral ni Misa, doon ay binanggit niya na "gaano man kasining ang isang pahayag, kung mali naman ang gramatika nito, maaari itong maging hindi katanggap-tanggap lalo na sa mga iskolar, edukado at kritiko. Bukod pa rito maaari itong maging hindi kapani-paniwala at maging katawa-tawa." Na binanggit sa pag-aaral nina Bernales, et al., 2013. Nabanggit din sa parehong pag-aaral na ayon sa ulat ni Elyang sa Philippine Star (2012), binanggit nina Abangan, et al., (2016) mga may-akda ng "Masining na Pagpapahayag" (Filipino 3) "na ang wastong paggamit ng mga salita ay siyang tulay sa isang masining na pagpapahayag. Nabanggit ng mga may-akda na hindi maiiwasang magkamali minsan akala natin ay maaaring magkapalitan ang gamit ng ilang mga salita. Subalit kung susuriing mabuti ang kawastuhan ng gamit nito, matutuklasan natin na tayo ay nagkakamali."

Talahanayan 1. Estruktura ng Wika

| Estruktura ng Wika | Weighted Mean | Descriptor |
|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong magsalita gamit ang wikang Filipino dahil mahirap ang paraan ng pagbigkas nito. | 3.43 | Sumasang-ayon |
| 2. Ang gramatika ay isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan akong magsalita gamit ang wikang Filipino. | 4.0 | Sumasang-ayon |
| 3. Nahihirapan akong magsalita ng wikang Filipino dahil sa kakulangan sa bokabularyo. | 3.93 | Sumasang-ayon |
| 4. Naipapakita ko ang kahusayan sa pagsunod ng paksa, pandiwa at ayos ng pangungusap gamit ang wikang Filipino. | 2.87 | Hindi Sigurado |

| | | |
|---|---|---|
| 5. May kumpiyansa ako sa pagbuo ng mga pangungusap na gramatikal na tama sa Filipino. | 3.0 | Hindi Sigurado |
| 6. Lubos akong may motibasyon na matuto ng bagong bokabularyo upang maipahayag ang aking mga naiisip gamit ang wikang Filipino. | 3.53 | Hindi Sigurado |
| 7. Nakapagbibigay akong ng malinaw na pahayag kasabay ng wastong diin, intonasyon, at pagbuo ng mga pangungusap gamit ang wikang Filipino. | 2.6 | Hindi Sumasang-ayon |
| Kabuoan | 3.33 | Hindi Sigurado |

Legend

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas ng Paliwanag |
|---|---|---|
| 5 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.21 – 5.00 |
| 4 | Sumasang-ayon | 3.41 – 4.20 |
| 3 | Hindi Sigurado | 2.61 – 3.40 |
| 2 | Hindi Sumasang-ayon | 1.81 – 2.60 |
| 1 | Lubusang Hindi Sumasang-ayon | 1.00 – 1.80 |

B. Salik Pantahanan

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang lebel ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa epekto ng salik pantahanan sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita sa wikang Filipino. Matapos makalkula ang kabuuang mean, lumabas na ang lebel ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa epekto ng Salik pantahanan sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino ay 3.02 na may pang-uriang interpretasyon na Hindi Sigurado.

Batay sa naging resulta, sa kabila ng hindi pagiging sigurado ng mga kalahok sa epekto ng salik pantahanan sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino, lumalabas na ang tanong 2 na "ang aking mga magulang ay naniniwala na mahalaga ang pag-aaral ng wikang Filipino" at tanong 3 na "hinihikayat ako ng aking mga magulang na pag-aralan ng mabuti ang wikang Filipino" ay may kabuuang mean na umabot ng 3.93 at 3.50 na kung makikita sa Legend mula 3.41-4.2, ito ay napapabilang sa pang-uriang interpretasyon na Sumasang-ayon. Ito ay nangangahulugan na ang mga kalahok ay sumasang-ayon na ang pagpapahalaga at panghihikayat ng mga magulang na pag-aralan ang wikang Filipino ay mayroong epekto sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga bata.

Inilarawan nina Hoover-Dempsey at Sandler ang pakikilahok ng magulang bilang isang "masaganang ugat" ng patuloy na impluwensya ng mga magulang sa buhay ng mga bata habang sila ay umuunlad mula elementarya, gitnang baitang, hanggang sekondarya. Ipinahihiwatig nito na ang mga benepisyo ng matibay na ugnayan sa pagitan ng tahanan at paaralan ay hindi nagtatapos sa mga tagumpay ng mga bata sa kanilang unang mga taon ng edukasyon kundi nagpapatuloy hanggang sa kanilang pagtanda.

Ang mga estratehiya ng magulang, sa diwa, ay maaaring ituring bilang isang hanay ng mga personalisadong estratehiya ng mga magulang na naglalayong palawakin ang kakayahan ng kanilang mga anak. Ang pakikilahok ng magulang ay binubuo ng mga estratehiyang ginagamit upang suportahan ang mga anak sa isang tiyak na gawain o proseso, tulad ng pag-aaral ng wika (Gao, 2012). Dagdag pa rito, naniniwala si Gao (2012) na may tatlong uri ng estratehiya ng magulang—(i) estratehiya ng panlipunang suporta, (ii) estratehiya ng diskursibong suporta, at (iii) estratehiya ng materyal na suporta. Ang epekto ng pakikilahok ng magulang sa tagumpay ng mga bata sa akademya ay masusing napag-aralan. Binigyang-diin ni Jeynes (2012) na ang maagang karanasan sa pagbabasa at pakikilahok ng magulang sa pag-aaral ng mga bata ay mahalagang elemento sa pagiging epektibo ng pagkatuto sa literasiya ng mga bata. Maraming mga variable ang kailangang isaalang-alang upang masiguro ang patuloy na pakikilahok ng mga magulang habang umuusad ang mga bata sa pag-aaral (Steiner et al., 2022). Mahalaga ring kilalanin na ang mga salik na nakakapukaw sa parehong mga magulang at paaralan ay may malaking impluwensya sa antas ng partisipasyon ng mga magulang.

Talahanayan 2. Salik Pantahanan

| Salik Pantahanan | Weighted Mean | Descriptor |
|---|---|---|
| 1. Madalas kong ginagamit ang wikang Filipino sa tahanan. | 2.80 | Hindi Sigurado |
| 2. Ang aking mga magulang ay naniniwala na mahalaga ang pag-aaral ng wikang Filipino. | 3.93 | Sumasang-ayon |
| 3. Hinihikayat ako ng aking mga magulang na pag-aralan ng mabuti ang | 3.50 | Sumasang-ayon |

| | | |
|---|---|---|
| wikang Filipino. | | |
| 4. Ginagamit ko ang wikang Filipino sa pakikipagtalastasan sa aming nayon. | 2.83 | Hindi Sigurado |
| 5. Palaging tinatama ng mga magulang ko ang aking pagbigkas, ispeling, at gramatika sa Filipino. | 2.90 | Hindi Sigurado |
| 6. Bumibili ang mga magulang ko ng mga gabay na panturo para sa wikang Filipino upang pag-aralan ko. | 2.57 | Hindi Sumasang-ayon |
| 7. Palagi akong inilalapit ng aking mga magulang sa mga teknolohiyang pang-edukasyon (mga pelikulang pang-edukasyon, mga app na pang-edukasyon, atbp.) na nakatutulong sa akin upang mapalalim ang aking kaalaman sa Filipino. | 2.67 | Hindi Sigurado |
| Kabuoan | 3.02 | Hindi Sigurado |

Legend

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas ng Paliwanag |
|---|---|---|
| 5 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.21 – 5.00 |
| 4 | Sumasang-ayon | 3.41 – 4.20 |
| 3 | Hindi Sigurado | 2.61 – 3.40 |
| 2 | Hindi Sumasang-ayon | 1.81 – 2.60 |
| 1 | Lubusang Hindi Sumasang-ayon | 1.00 – 1.80 |

C. Salik Pangklasrum

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang lebel ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa epekto ng Salik Pangklasrum sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino. Matapos makalkula ang kabuuang mean, lumabas na ang lebel ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa epekto ng Salik Pangklasrum sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita ay 3.59 na may pang-uriang interpretasyon na Sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na ang mga kalahok ay sumasang-ayon na may epekto ang Salik Pangklasrum sa paglinang ng kanilang kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino na kinapapalooban ng mga tanong na nakatuon sa paraan ng paguturo ng mga guro ng asignaturang Filipino na may epekto sa matagumpay na paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino.

Batay sa naging resulta, ang tanong na "ang aming klase sa Filipino ay laging may mga gawain na nangangailangang gamitin ang wikang Filipino" ay may kabuuang mean na 4.36 na nagpapakita ng lubusang pagsang-ayon na ang mga gawain sa loob ng klase na nangangailangang gamitin ang wikang Filipino ay may malaking epekto sa matagumpay na paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Ito ay may malaking epekto sa mga mag-aaral lalo na sa mga batang Ingles ang unang wika. Sa pamamagitan ng mga gawain sa loob ng klase na nangangailangang gumamit ng wikang Filipino tulad ng pagbabahagi ng mga kaalaman, oral recitations, ay nakatutulong ito sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang kasanayang pasalita sa paggamit ng wikang Filipino dahil sa pamamagitan ng kanilang pakikibahagi sa loob ng klase sa oras ng mga gawain ay unti-unting makakasanayan nila ang paggamit ng wikang Filipino.

Ayon sa pag-aaral ni Maria Fe Gannaban– Hicana PhD, ang isang guro ng wika ay gumagawa ng higit pa sa karaniwan upang matiyak na matututo ang mga mag-aaral ng wika. Ang bawat antas ng kakayahan sa wika ay nangangailangan ng magkakaibang hanay ng mga pamamaraan at lapit. Ang pagsasalita, bilang isang kasanayan sa wika, ay nangangailangan ng natatanging mga pamamaraan at lapit na dapat gamitin upang mas mahusay na maihanda ang mga mag-aaral para sa pagsasalita at mahikayat silang magsalita. Ang mga gawain ay kailangang maingat na piliin upang makatulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at sa paggamit ng mga pattern ng wika na kanilang pinag-aaralan.

Ipinakita na ang mga guro ay gumaganap ng malawak na hanay ng tungkulin, tulad ng pagiging tagapamahala, tagapagsuri, tagapagpadali, tagapagpasa ng marka, at huwaran. Ang mga guro na ginagampanan ang mga tungkuling ito ay inilalagay ang kanilang sarili sa pinakamainam na posisyon upang gabayan ang mga mag-aaral habang pinaplano nila ang kanilang mga hinaharap. Sa gayon, sa anumang ibinigay na kapaligiran ng pagtuturo at pagkatuto, ang mga guro ay may malaking impluwensya sa tagumpay o pagkabigo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Napakahalaga ng papel ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasalita; nagsisimula sila sa pamamagitan ng pagpapakilala ng iba't ibang gawain sa pagsasalita sa klase at pinapayagan ang mga mag-aaral na makilahok dito. Dahil masyadong bata pa ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan upang masiguro ang kanilang sariling pagkatuto, tungkulin ng guro na magbigay ng lahat ng mga kasangkapan na kailangan nila upang matapos ang kanilang pagsasanay, gayundin ang magbigay ng tulong, motibasyon, at paghikayat.

Talahanayan 3. Salik Pangklasrum

| Salik Pangklasrum | Weighted Mean | Descriptor |
|---|---|---|
| 1. Malikhain ang mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa klase. | 4.07 | Sumasang-ayon |
| 2. Ang aming klase sa Filipino ay laging may mga gawain na nangangailangang gamitin ang wikang Filipino. | 4.37 | Lubusang Sumasang-ayon |
| 3. Nakikibahagi ako sa mga oral na diskusyon sa loob ng klase gamit ang wikang Filipino. | 2.87 | Hindi Sigurado |
| 4. Ang aming paaralan ay may mga programa, seminars, at pagsasanay na nagbibigay-daan sa mga estudyante na makilahok sa mga aktibidad sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. | 3.37 | Hindi Sigurado |
| 5. Ang aming klase sa Filipino ay hindi nakakabagot. Hindi lang ang guro ang nagsasalita mula simula hanggang katapusan; lagi niyang tinatanong kung ano ang natutunan namin mula sa aralin. | 3.53 | Sumasang-ayon |
| 6. Maraming mga aklat na Filipino sa aklatan na maaari naming gamitin bilang sanggunian sa paggawa ng aming mga takdang-aralin. | 3.37 | Hindi Sigurado |
| 7. Ang paaralan ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa ibang mga estudyante na ipakita ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa mga paligsahan sa pagbigkas ng tula at debate gamit ang wikang Filipino. | 3.57 | Sumasang-ayon |
| Kabuoan | 3.59 | Sumasang-ayon |

Legend

| Halaga ng Bilang | Limit ng Istatistika | Katumbas ng Paliwanag |
|---|---|---|
| 5 | Lubos na Sumasang-ayon | 4.21 – 5.00 |
| 4 | Sumasang-ayon | 3.41 – 4.20 |
| 3 | Hindi Sigurado | 2.61 – 3.40 |
| 2 | Hindi Sumasang-ayon | 1.81 – 2.60 |
| 1 | Lubusang Hindi Sumasang-ayon | 1.00 – 1.80 |

Suliranin sa Pananaliksik 2: Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang epekto ng mga sumusunod na salik sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral?

a) Estruktura ng Wika
b) Salik Pantahanan
c) Salik Pangklasrum

Ipinapakita ng talahanayan ng maramihang korelasyon ang isang pattern ng kawalan ng korelasyon at kinukumpirma ang di-makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga sumusunod na pares ng baryabol: Estruktura ng Wika at Salik Pantahanan ($r = 0.078$, $p = 0.681$), Estruktura ng Wika at Salik Pangklasrum ($r = -0.05$, $p = 0.804$), at Salik Pantahanan at Salik Pangklasrum ($r = 0.14$, $p = 0.461$). Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang epekto sa pagitan ng mga baryabol na ito.

Ang talahanayan ng maramihang korelasyon ay naglalahad ng kawalan ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, na nangangahulugang walang sapat na ebidensyang nag-uugnay sa mga ito bilang magkakaugnay o magkaugnay na salik. Ang mga sumusunod na puntos ay nagbibigay-linaw sa mga resulta:

1. Estruktura ng Wika at Salik Pantahanan ($r = 0.078$, $p = 0.681$)

Ang mababang halaga ng r (korelasyon) ay nagpapakita ng halos walang relasyon sa pagitan ng estruktura ng wika at salik pantahanan. Ang mataas na p-value (0.681) ay nangangahulugan na ang ugnayang ito ay di-makabuluhan, o hindi ito maituturing na estadistikong mahalaga sa pag-aaral.

2. Estruktura ng Wika at Salik Pangklasrum ($r = -0.05$, $p = 0.804$)

Ang negatibong r na halos zero (-0.05) ay nagpapahiwatig na ang dalawang baryabol na ito ay hindi konektado. Ang p-value na mas mataas sa 0.05 (0.804) ay lalo pang nagpapatunay na ang kaugnayan ay di-makabuluhan at maaring nagkataon lamang.

3. Salik Pantahanan at Salik Pangklasrum ($r = 0.14$, $p = 0.461$)

Kahit bahagyang mas mataas ang r sa ugnayan ng salik pantahanan at salik pangklasrum (0.14), ito ay nananatiling mahina. Ang p-value na 0.461 ay nagsasabing walang matibay na ebidensya upang suportahan ang anumang makabuluhang ugnayan.

Ang kawalan ng makabuluhang epekto sa pagitan ng mga baryabol ay nagpapahiwatig na ang mga ito ay maaaring gumana nang independyente o walang direktang impluwensya sa isa't isa sa konteksto ng pag-aaral. Samakatuwid, maaaring kinakailangan ang karagdagang pagsusuri sa iba pang salik na maaaring may mas malakas na impluwensya sa mga baryabol na ito, o muling pagrepaso sa disenyo ng pag-aaral upang tiyakin ang wastong pagsusukat ng mga ugnayan.

| Variable | Estruktura ng Wika | Salik Pantahanan | Salik Pangklasrum |
|---|---|---|---|
| Estruktura ng Wika | - | - | - |
| Salik Pantahanan | 0.078 (0.681) | - | - |
| Salik Pangklasrum | -0.05 (0.804) | 0.140.461) | - |

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos at resulta ng pag-aaral, natukoy na ang mga salik na Estruktura ng Wika, Salik Pantahanan, at Salik Pangklasrum ay may magkakaibang antas ng epekto sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Ang Estruktura ng Wika ay lumitaw bilang isang pangunahing hamon, partikular sa aspeto ng gramatika, na nagdudulot ng kahirapan sa mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wikang Filipino. Samantala, ang Salik Pantahanan ay may positibong impluwensya sa pamamagitan ng panghihikayat ng mga magulang, bagaman ang kabuuang epekto nito ay hindi pa rin tiyak. Sa kabilang banda, ang Salik Pangklasrum ay malinaw na nakakaapekto, kung saan ang mga makabuluhang gawain sa loob ng klase tulad ng oral recitations at iba pang aktibidad ay nakapagpapabuti sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, ang pagsusuri ng korelasyon ay nagpakita ng kawalan ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng tatlong salik, na nagpapahiwatig na ang mga ito ay maaaring gumana nang magkahiwalay. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangang bigyan ng pansin ang bawat salik bilang independiyenteng aspeto ng paglinang ng kasanayang pasalita, at hikayatin ang mas masusing pagsusuri upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa kanilang papel sa pagkatuto ng wikang Filipino.

## VIII. Rekomendasyon

Mga Mag-aaral

- Maglaan ng sapat na oras upang pag-aralan ang wikang Filipino kasama na ang pag-unawa sa estruktura nito at magkaroon ng kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan.
- Makibahagi sa mga oral recitations sa loob ng klase dahil ito ay isa sa mga paraan upang magkaroon ng tiwala sa sarili sa paggamit ng wikang Filipino at makatulong sa mas mabilis at matagumpay na paglinang ng kasanayang pasalita gamit ang wikang Filipino.
- Basahin at makinig sa mga teksto at audio mapabuti ang iyong kaalaman sa gramatika.
- Gumamit ng mga aplikasyon tulad ng Duolingo o Filipino Language Guide upang mapabuti ang iyong kaalaman sa gramatika.

Mga Magulang

- Ang pagiging isang mabuting tagapagturo at tagapagpatnubay sa mga anak ay nangagailangan ng kombinasyon ng salita, gawa, at suporta gamit ang mga angkop na materyales kung kaya't hinihikayat namin ang mga magulang na maliban sa moral na suporta para sa pagkakaroon ng mga bata ng mataas na motibasyon upang pag-aralan ang wikang Filipino ay magbigay din ng mga angkop na materyales na mahalaga para sa paglinang ng kasanayang pasalita ng mga mag-aaral.
- Gamitin ang wikang Filipino sa tahanan upang mahasa ang kasanayang pasalita ng mga mag-aaral. Ito ay magbibigay ng praktikal na oportunidad para sa paggamit ng wika sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Mga Guro

- Panatilihin ang interaktibong talakayan sa loob ng klase at ang pagkakaroon ng mga gawain na nangangailan ng paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsasalita (oral recitations)
- Gumamit ng mga makabago at interaktibong gawain, tulad ng role-playing, oral recitations, at debates, na naglalayong mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Mga susunod na mananaliksik

- Sikaping magkaroon ng mas malaking bilang ng mga kalahok na mula sa iba't ibang pangkat upang makakuha ng mas komprehensibong resulta at makita ang makabuluhang pagkakaiba ng mga epekto ng bawat salik.
- Magsagawa ng pag-aaral na nakatuon sa epekto ng teknolohiya, digital media, at iba pang makabagong salik sa kasanayang pasalita ng wikang Filipino.

- Kung gagamit ng Likert Scale, huwag gamitin ang “hindi sigurado” bilang descriptor upang hindi mahirapan sa pag-interpret ng mga datos.

## Sanggunian


[1] Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orie, B. M., Tubao, L. C., & Sebullen, M. T. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: An action research. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11)*, 246-258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017

[2] Mejilla, F.C., Calero, L.B. & Salgado, K.A. (2014). The Methodological Strategies in the Learning-Process of the English Language during the Second Semester of 2014. Faculty of Education and Languages: English Department.

[3] Shibly, H. (2023) The Importance of Speaking in Our Daily Lives, https://issuu.com/hassanshibly0/docs/the_importance_of_speaking_in_our_daily_lives/s/25378311

[4] Bygate, M. (2009). Teaching and testing speaking. In M. H. Long, & C. J. Doughty (Eds.), The handbook of language teaching (pp.412-440). Blackwell

[5] Maglaya, E. (2003). Filipino sa nagbabagong panahon. (Quezon City: New Day Publishers)

[6] Paguican, A. R. (2020) Pagpapalawak NG Gramatika Sa Lugar NG Rogongon Iligan City. https://www.scribd.com/document/447247914/Pagpapalawak-ng-Gramatika-sa-lugar-ng-Rogongon-Iligan-City

[7] VIVIANE JOY P. DICANG et al, *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023*, pg. 161-175

[8] Rahman, M.M., Islam, M.S., Karim, A. et al. English language teaching in Bangladesh today: Issues, outcomes and implications. Lang Test Asia 9, 9 (2019). https://doi.org/10.1186/s40468-019-0085-8

[9] Irene, J., Sathasivam, K., Ng, M. M., Jeyaraja, S. S. B., & Maniam, M. (2023). The Effects of Mother Tongue Interference among ESL Learners’ Speaking Skills. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 13(7),* 919 – 935.

[10] Valdez, J. et al. (2019). PILIPIT AT PINIPILIT: Karanasan ng Mag aaral sa Pagsasalita ng Filipino. Academia. Hinago mula sa https://www.academia.edu/41923494/PILIPIT_AT_PINIPILIT_Karanaan_ng_Mag_aaral_sa_Pagsasalita_ng_Filipino fbclid=IwAR2AcyZJ5kcbFpJIsoX9x9pl8PcvUgyCsbfQSPB6NtotZFBTvcKmMIXE9I

[11] Harven, G. (n.d.). Mga Suliraning Kinakaharap sa pagsasalita ng Filipino. Hinango mula sa https://www.coursehero.com/file/45984318/Mga-Suliraning-Kinakaharap-sa- pagsasalita-ng-Filipinodocx/

[12] Saul, A.J.G. et al. (2020) na Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at MungkahingGawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. *Asia PacificHigher Education Research Journal.Volume 7, Issue 1*.pp.41-45.http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/1547/461

[13] Alangsab, V. et al (2022), Level of The Influence of The Factors Affecting the Speaking Performance in English. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal,* 318-329.

[14] Villanueva, L.B. (2019) Factors affecting the english speaking skill of non-english major students. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences.Vol 8. Issue No. 6,* 737-750

*[15]* Gannaban, M. E. (2020). Mga Teorya sa Gramatika at Wika, Salalayan sa Pagtuturo ng Filipino. *DALUMAT E-Journal, 6(2).*

[16] Misa, R. M. (2021). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, volume -5, Issue – 10,* pp- 58-68. (al, 2023)

[17] Bernales, R.A., Bernardino, E.C., Sison, E.O.., Babasa, E.E. et.al. (2013). Retorika: Ang Sining ng Pagpapahayag Batayan at Sanayang-Aklat sa Filipino 3, Antas Tersarya. (Mutya Publishing House Inc.)

[18] Hoover-Dempsey, K. V., & Sandler, H. M. (1995). Parental involvement in children’s education: Why does it make a difference? Teachers’ College Record, 97(2), 310-331.

[19] Gao X (2012). Parental strategies in supporting Chinese children’s learning of English vocabulary. Research Papers inEducation 27(5): 581–595. doi: 10.1080/02671522.2011.602102

[20] Jeynes W (2012). A meta-analysis of the efficacy of different types of parental involvement programs for urbanstudents. Urban Education 47(4): 706–742. doi: 10.1177/0042085912445643

[21] Steiner LM, Hindin A, Rizzuto KC (2022). Developing children’s literacy learning through skillful parent-childshared book readings. *Early Childhood Education Journal 50*: 539–553. doi: 10.1007/s10643-021-01170-9

[22] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology* (ISSN: 1735-188X) 15 (1)

[23] Saavedra, A. (2020). An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies. *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education* (TURCOMAT) 11 (3)

[24] Saavedra, A. (2020). Teachers’ preference on the local policy implementation of the mother tongue based-multilingual education: An assessment. *Asian EFL* 27 (2.2), 217-238

[25] Saavedra, A., Alejandro, WD., Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic. *International Journal of Health Sciences*, 4211-4221

[26] Saavedra, A. & Karanain, F. (2022).Learners’ beliefs and use of chavacano as medium of instruction.*Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46